## Memo

Para sa:	Lahat ng namumunong organo at mga organong pampropaganda
Mula sa:	Pambansang Komisyon sa Propaganda
Tungkol sa:	Planong pampropaganda sa usapin ng tigil-putukan sa Kapaskuhan ng Dis.
_	2002
Petsa:	10 Disyembre 2002

Dahil sa sobrang pagkapapet, anti-mamamayan at pasistang galaw ng rehimeng Macapagal-Arroyo, wala tayong isasagawang tigil-putukan sa darating na Kapaskuhan. Opisyal na natin itong dineklara sa pamamagitan ng 6Dis.'02 pahayag ni Ka Roger (kalakip). Nailahad na sa nasabing pahayag ang mga batayan.

Kaugnay nito, kailangan diinan natin ang mga sumusunod na panawagan sa lahat ng mga kasama at sa mamamayan:

- Pag-ibayuhin ang pagmamatyag at humandang puspusang labanan ang anumang pananalakay at panunupil ng reaksyunaryong rehimen, laluna kung magdeklara pa ng huwad na SOMO ang AFP at PNP.
- □ Puspusang ilantad at tuligsain ang iba't ibang saywar, maniobra at panlilinlang ng Malakanyang, AFP at PNP.
- Ilantad ang mga kaso ng mga karahasan at pang-aabusong militar at iba pang paglabag ng AFP at PNP sa karaparang tao, na nagpapakita ng pagiging sukdulang terorista, kontra-kapayapaan at anti-mamamayan ng papet na rehimen at mga sandatahang pwersa nito.

Mahalagang mailinaw natin na ang papet na rehimen ang siya itong ayaw at sumisira sa kapayapaan, na sa maigsi pa lamang na panahon ng kanyang pagkaluklok, siya itong nanibasib at naghasik ng walang-patumanggang pananalakay, pagpatay, pananakit, pamiminsala at iba pang paglabag sa mga karapatang tao ng mamamayan, maging ng mga pwersang ligal at pati mga inosenteng karaniwang sibilyan. Wala siyang balak maglubay at walang-pakundangang balak niyang ituluy-tuloy ang ganitong kalupitan at pagsagasa sa kapayapaan kahit sa kapaskuhan. Kunwari lamang may Pasko para sa kanya. Sa katunayan, walang pasko-pasko para sa kanya.

Tahasang sinabi ni Macapagal-Arroyo ang dahilan nila: Ayaw niyang mawala ang bwelo ng kanilang mga atake laban sa atin—na pinabalat-bungaan niya ng "bwelo ng paglaban sa kahirapan". Kaya't pinaghahandaan at lalabanan natin ang pagtutuluy-tuloy ng kanilang mga operasyong militar sa ating mga larangan at sonang gerilya at kasabay nito ang pagpapatindi ng kanilang saywar at paninirang propaganda laban sa Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan, laluna sa panahong ito.

Asahan nating sasangkalanin ng papet na rehimen ang paparating na kapaskuhan para pag-ibayuhin ang paninira at intriga laban sa rebolusyonaryong kilusan at linalangin ang malawak na masa para sumang-ayon sa tumitinding pasistang paninikil sa mga karapatang demokratiko at sibil. Tungo rito, bagamat ipinauna na ng mga heneral niya at sinabi na rin ni Macapagal-Arroyo mismo na kiling sila sa di pagdedeklara ng tigil-putukan, maaari pa ring tusong magdeklara ang rehimen ng kunwaring tigil-putukan, para magsilbing kober sa pagpapaigting ng kanilang mga pananalakay at palabasing sila lamang ang para sa kapayapaan.

Sa kalahatan, sadyang nagpapakulo ng anti-teroristang isterya ang papet na rehimen para makuha pa rin ang basbas ng amo nitong imperyalistang US at ang suporta ng sandatahang pwersa at malalaking komprador-buburkrata, malinlang ang mamamayan at makapagmaniobra, sa kalagayang napakalala ng krisis sa ekonomya, guho ang anumang tiwala ng malawak na masa sa papet na rehimen, at nanganganib itong malampaso sa darating na eleksyon sa 2004.

Sa mga pahayag tungkol sa mga labanan, bigyan ng partikular na pansin ang puntong sa kabuuan ay nasa depensibong katayuan tayo, na ang mga TO natin ay karaniwang reaksyon sa pananalakay ng AFP at PNP o di kaya'y tugon sa kahilingan ng masa na pigilan at parusahan ang mga reaksyunaryong armadong pwersang labis na lumiligalig at nagpapahirap sa kanila.